

Kasulatang Paghahambing (Consultation Document) sa Karapatan ng mga Bilanggong Bumoto, inilathala

Ang Pamahalaan ay nagpalabas ngayon (ika-9 ng Pebrero) ng Kasulatang Paghahambing sa Karapatan ng mga Bilanggong Bumoto para alamin ang kaisipan ng publiko sa alituntuning pagpipilian sa pagluluwag ng batas hinggil sa pagbabawal sa karapatan ng mga bilanggong bumoto at mga praktikal na kaparaanan para sa mga bilango at taong hindi pa nahahatulan upang sila ay makaboto. Ang paghahambing (konsultasyon) ay magtatapos sa ika-23 ng Marso 2009.

Ang Mataas na Hukuman ay nagpalabas ng hatol sa tatlong niripasong kaso nuong ika-8 ng Disyembre 2008. Ayon sa Hukuman, ang kasalukuyang paghihigpit sa karapatan ng mga bilango na makapag-rehistro para maging botante at maka-boto sa ilalim ng *Legislative Council Ordinance* ay hindi naaayon sa batas o Konstitusyon. Ang Hukuman ay naniniwala rin na dapat gumawa ng kaparaanan para ang mga taong hindi pa nahahatulan ay makaboto sa araw ng halalan habang sila ay nasa kulungan. Dahil sa hatol ng Hukuman, ang Administrasyon ay dapat gumawa ng alituntuning pagpipilian sa pagluluwag ng batas hinggil dito at gumawa ng praktikal na kaparaanan para sa mga bilango at mga taong hindi pa nahahatulan na magamit ang kanilang karapatan sa pagboto.

Ang Pamahalaan ay nagpahayag sa Kasulatang Paghahambing na alisin na ang kasalukuyang pagbabawal sa mga bilango na maka-rehistro bilang mga botante.

Ukol sa pagluluwag ng batas para magamit ang karapatan ng mga bilanggong bumoto, ang Pamahalaan ay nagpalabas ng mga sumusunod na alituntuning pagpipilian-

- (a) Unang pagpipilian ay alisin ang alituntunin na naglalayong hindi makaboto ang mga sumusunod na mga tao:

- (i) Mga nasentensiyahan ng kamatayan o pagkabilanggo na hindi pa napagsisilbihan ang sentensiya o hindi pa napapatawad o pardon; o
- (ii) kasalukuyang nagsisilbi sa sentensiyang pagkabilanggo.

Ang mga bilanggong pinapayagang makaboto ay matutulungang makabalik bilang mamayang mas may kaisipang-sibiko dahil sila ay mas kunektado na sa lipunan. Subalit, may kaisipan rin na ang mga mapanganib na kriminal ay hindi dapat bigyan ng karapatang makaboto upang mapigilan ang paggawa ng krimen, mapalawak ang lipunang obligasyon at matutong igalang ang batas.

- (b) Pangalawang pagpipilian ay huwag payagang makaboto ang mga bilanggo kung sila ay matagal ng nagsisilbi ng sentensiyang pagkakabilanggo (halimbawa, 10 taon o higit pa). Ito ay para matimbang ang pagpapahalaga sa mataas na katayuan ng Lehislatura habang hindi inaalis ang karapatan ng mga bilanggong mababa ang sentensiya na bumoto. Ang haba ng pagkabilanggo ay ginagawang pamantayan para maibukod ang mapanganib sa hindi gaanong mapanganib na pagkakasala o paglabag sa batas. Bagaman may mga komentaryo na ang bigat ng pagkakasala o paglabag sa batas ay hindi nasusukat sa haba ng sentensiya.
- (c) Ika-tatlong pagpipilian ay alisan ng karapatan sa pagboto ang mga bilanggong may hatol na mahabang panahon (halimbawa, 10 taon o higit pa) at ibalik ang karapatang bumoto sa mga huling taon ng pagkakabilanggo (halimbawa, katapusan ng 5 taon). Sa pagbabalik sa kanilang karapatang bumoto sa huling yugto ng pagkakabilanggo ay maaaring mabuksan ang kanilang kaisipang-pangsibiko at manauli sa pagbabalik sa lipunan at pagbabago. Subalit dahil ang ika-tatlong pagpipilian ay nakasalig rin sa haba ng hatol, may katulad ring komentaryo kung nararapat ito na maging basehan ng diskuwalipikasyon.

Ang Pamahalaan ay may isinama rin sa dokumento na praktikal

na kaparaanan para sa mga bilanggo na may hatol at hindi pa nahahatulan na magamit ang kanilang karapatan sa pagboto sa Dokumento ng Paghahambing. Kasama dito halimbawa ang pagkuha ng mga rehistradong tirahan ng mga bilanggong may karapatan na bumoto, pagbilang ng mga boto ng mga ihahalal at pagtatalaga ng lugar sa pagboto ng mga bilanggo.

Ang Dokumento ng Paghahambing ay makukuha sa District Offices o maaaring i-download sa website ng Constitutional and Mainland Affairs Bureau www.cmab.gov.hk.

Ang publiko ay maaaring magbigay ng kanilang mga kaisipan o opinion sa pamamagitan ng sulat (sa Team 2, Constitutional and Mainland Affairs Bureau, Room 356, East Wing, Central Government Offices, Lower Albert Road, Hongkong), fax (sa 28401976) o e-mail (sa pvr_consultation@cmab.gov.hk.) hanggang o bago mag ika-23 ng Marso 2009.

Lunes, ika-9 ng Pebrero 2009